# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN III**




# MODYUL 18

# MGA IDEOLOHIYANG LUMAGANAP SA DAIGDIG

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**MODYUL 18**

**MGA IDEOLOHIYANG LUMAGANAP SA DAIGDIG**

Marahil ay mayroon ka nang nabatiran hinggil sa kasalukuyang kalagayan ng mga bansa sa daigdig. Bakit iba't iba ang mga kalagayang pampulitika ng mga bansa? Matutuhan sa modyul na ito ang iba't ibang ideolohiyang sinusunod ng mga bansa. At ang mga katangian ng bawat isa. Tatalakayin din kung ano ang epekto ng iba't ibang idolohiya sa kabuhayan ng mga tao. Inaasahang mas lalo mong mauunawaan ang ideolohiyang umiiral sa ating bansa, ang Pilipinas, pagkatapos ng mga aralin sa modyul.

May tatlong araling inihanda para sa iyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Mga Ideolohiya ng Iba't ibang Bansa at ang Puwersa ng Demokrasya at Komunismo
- Aralin 2: Puwersang Pangkabuhayan sa Pulitika ng Bansa
- Aralin 3: Ang Pilipinas at ang Ideolohiya nito

Pagkatapos mong mapag-aralan ang nilalaman ng modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Mailalahad ang mga ideolohiyang sinusunod ng mga bansa;
2. Maipaliliwanag ang bahaging ginagampanan ng puwersang demokrasya at komunismo sa kalagayan ng mga tao;
3. Maiuugnay ang mga puwersang pangkabuhayan sa kalagayang pulitikal ng bansa; at
4. Mapahahalagahan ang makatwiran at bukas na isipan ng mga bansa lalo na ang Pilipinas sa pagpili ng mga ideolohiyang yayakapin.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

Panuto: Suriin at unawaing mabuti ang bawat katanungan at pangungusap. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Sino ang HINDI kabilang sa pangkat ng mga lider ng Komunismo sa Rusya?

   A. Nicolai Lenin
   B. Karl Marx
   C. Joseph Stalin
   D. Leon Trotsky

2. Ayon sa kaisipang komunismo, ang mga manggagawa ang siyang magiging tagapamalakad ng pamahalaan at magbibigay daan sa pagwawakas ng:

   A. awtoritaryanismo
   B. fascismo
   C. kapitalismo
   D. monarkiya

2. Ayon sa Ideolohiyang kapitalismo, kailangan ay maliit o limitado ang papel na ginagampanan ng ahensya o institusyong ito sa mga patakarang pangkabuhayan ng bansa tungo sa kaunlaran.

   A. Edukasyon
   B. *Mass Media* o Mamamahayag
   C. Pamahalaan
   D. Simbahan

3. Ano sa palagay mo ang kaisipang hindi gaanong naaapektuhan ng anumang ideolohiya?

   A. Pampulitika
   B. Pangkabuhayan
   C. Pangsining
   D. Panlipunan

4. Sa ilalim ng isang demokratikong bansa, ang pakikilahok ng mga mamamayan sa pagpili ng mga pinuno ay maaaring:
   A. *Check and Balance*
   B. Natatakdaan at Di-natatakdaan
   C. Tagapagbatas at Tagapagpaganap
   D. Tuwiran at Di-tuwirang pagboto

5. Ang bawat bansa ay may sinusunod na ideolohiya, alin sa mga sumusunod na tambalan ng ideolohiya at bansa ang HINDI magkatugma?
   A. Demokrasya - Timog Korea
   B. Komunismo – Tsina
   C. Monarkiya – Inglatera
   D. Totalitaryanismo – Hapon

6. Ang mga sumusunod na pangungusap ay tumutukoy sa mga prinsipyo ng Nazismo na nakapaloob sa *Mein Kamp* maliban sa:
   A. Pagbuwag sa kasunduan sa Versailles sanhi ng mga suliranin sa Alemanya.
   B. Pagtatatag ng diktadurya ng mga manggagawa na tatayong mas makapangyarihan sa pamahalaan.
   C. Pagwasak sa Republika at pagtatatag ng *Third Reich* na isang estadong totalitaryan ng Nazismo.
   D. Paniniwala ng mga Aleman na sila ang pangunahing lahi sa mundo – mga Aryano

7. Alin sa mga sumusunod na kaisipan ang HINDI kabilang sa prinsipyo ng Komunismo?
   A. Ang manggagawa ang supremo sa pamahalaan.
   B. Lubos na paghihiwalay ng simbahan at Estado.
   C. Pagpapalakas ng mga mangangalakal sa pribadong negosyo.
   D. Pagwawakas ng kapitalismo.

8. Alin sa mga sumusunod na dahilan ang HINDI kabilang sa pagsilang ng Pasismo sa Italya?
   A. Hindi nasiyahan ang mga Italyano sa resulta ng Unang Digmaang Pandaigdig.
   B. Malawakang pagpapahirap at pagpatay sa mga Hudyo sa Europa.
   C. Paghihirap ng kabuhayan tulad ng kakulangan ng pagkain at mga pangunahing pangangailangan.
   D. Walang kakayahan ang mga pinuno na lutasin ang mga suliranin sa pamahalaan.

9. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang HINDI tumutukoy sa katangian ni Nicolai Lenin?
   A. Naging unang pinuno ng komunismo sa Rusya.
   B. Nagpatupad ng malawakang pagpapahirap at pagpatay sa mga Hudyo noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.
   C. Nakilala sa kanyang panawagang "kapayapaan, lupain, at tinapay".
   D. Nakuha ang tiwala ng mga tao, dahil sa kanyang pinagsamang pag-angkin ng pamahalaan sa lahat ng mga pagawaan.

I. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap at isulat sa patlang ang titik:
   A. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Demokrasya;
   B. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Kapitalismo;
   C. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Komunismo;
   D. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Monarkiya;
   E. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Sosyalismo; at
   F. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Totalitaryanismo.

___________ 1. Sistemang pangkabuhayan kung saan ang produksyon, distribusyon at kalakaran ay kontrolado ng mga pribadong mangangalakal.

__________ 2. Naglalayon na makamit ang perpektong lipunan sa pamamagitan ng pantay na distribusyon ng produksyon ng bansa, pagtutulungan, at ang paghawak ng pamahalaan sa mahahalagang industriya.

__________ 3. Layunin nito ang pagkakapantay-pantay at kawalan ng antas o pag-uuri-uri ng lipunan (*classless society*) kung saan ang mga salik ng produksyon ay pag-aari ng lipunan.

__________ 4. Ang kapangyarihan ng pamahalaan ay nasa kamay lamang ng isang tao. Ang pinuno ng sistemang ito ay karaniwang tinatawag na hari o reyna.

__________ 5. Sa sistemang ito ang kapangyarihan sa pamahalaan ay nasa kamay ng mga tao at karaniwang pumipili ang mga tao ng pinuno sa pamamagitan ng halalan.

__________ 6. Ang pamahalaang ito ay karaniwang pinamumunuan ng isang diktador o grupo ng mga taong makapangyarihan. Nasa kamay ng pamahalaan ang pag-aari ng mga lupain, kayamanan ng bansa, at mga industriya.

__________ 7. Ideolohiyang nalinang ni Karl Marx na naglalayong maging pagmamay-ari ng lipunan ang produksyon.

__________ 8. Ang ideolohiyang ito ay malaya sa pamamahala at sa kabuhayan na sinusunod ng mga bansang tulad ng Pilipinas, Hapon, Estados Unidos, at Timog Korea.

__________ 9. Ayon kay Nicolai Lenin ang dahas at pananakop ay kailangan upang maitatag ang “DiktaDurya ng Manggagawa”.


__________ 10. Ang pamahalaang ito ay kahalintulad ng pamumuno nina Hitler sa Alemanya at ni Mussolini sa Italya. Kadalasang isang punong-militar ang may kapangyarihang diktador. Karaniwang lumaganap ang ideolohiyang ito sa mga bansa sa Timog Amerika at Apri

**ARALIN 1**

**MGA IDEOLOHIYA SA IBA'T IBANG BANSA AT ANG PUWERSA NG DEMOKRASYA AT KOMUNISMO**



Ang araling ito ay tungkol sa mga ideolohiya ng iba't ibang bansa tulad ng Kapitalismo, Monarkiya, Demokrasya, Totalitaryanismo, Awtoritaryanismo, Sosyalismo at Komunismo. Inaasahang malalaman mo ang mga katangian ng bawat isa kung alin at ang mga bansang sumusunod sa bawat ideolohiyang nabanggit.




Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maibibigay ang kahulugan ng salitang ideolohiya sa pamamagitan ng mga kaugnay na salita o mga kaisipan,
2. Matutukoy ang mga katangian ng iba't ibang uri ng ideolohiya na lumaganap sa ibang bansa; at
3. Mapaghahambing ang katangian ng mga puwersang demokrasya at komunismo.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Panuto: Bago ka magsimula sa aralin, mag-isip ng salita o mga salitang may kaugnayan sa katagang IDEOLOHIYA. Ano ang kaugnay na kaisipan ang maaaring makatulong sa iyo upang maunawaan ang salitang ito. Isulat mo sa mga kahon ang iyong sagot.




**Ang Kahulugan ng Ideolohiya**

Ang ideolohiya ay isang sistema o lipunan ng mga ideya o kaisipan na naglalayong magpaliwanag tungkol sa daigdig at pagbabago nito. Galing ito sa salitang ideya o kaisipan na tuwirang sinusunod ng mga tao.

Si Desttuff de Tracy ang nagpakilala ng salitang ideolohiya bilang pinaikling pangalan ng agham ng mga kaisipan o ideya.

**May Iba't ibang Kategorya ang Ideolohiya. Ito ay ang mga Sumusunod:**

***Ideolohiyang Pangkabuhayan.*** - Nakasentro ito sa mga patakarang pang-ekonomiya ng bansa at paraan ng paghahati ng mga kayamanan nito para sa mga mamamayan. Nakapaloob dito ang ang mga karapatang makapagnegosyo, mamasukan, makapagtayo ng unyon, at magwelga kung hindi magkasundo ang kapitalista at mga manggagawa.

***Ideolohiyang Pampulitika.*** - Naasentro naman ito sa paraan ng pamumuno at sa paraan ng pakikilahok ng mga mamamayan sa pamamahala. Ito ay mga pangunahing prinsipyong pulitikal at batayan ng kapangyarihang pulitikal. Karapatan ng bawat mamamayan na bumuo at magpahayag ng opinyon at saloobin.

***Ideolohiyang Panlipunan.*** - Tumutukoy ito sa pagkakapantay-pantay ng mga mamamayan sa tingin ng batas at sa iba pang pangunahing aspeto ng pamumuhay ng mga mamamayan.

**Ang Iba't Ibang Ideolohiya**

Anu-ano ang mga ideolohiyang laganap ngayon sa daigdig? Isa-isahin natin ang mga ito:

***Kapitalismo.*** – ito ay tumutukoy sa isang sistemang pangkabuhayan kung saan ang produksyon, distribusyon, at kalakalan ay kontrolado ng mga pribadong mangangalakal hanggang sa maging maliit na lamang ang papel ng pamahalaan sa mga patakarang pangkabuhayan.

***Monarkiya.*** - Ang kapangyarihan ng pamahalaan ay nasa kamay lamang ng isang tao. Ang pinuno ng sistemang monarkiya ay karaniwang tinatawag na hari o reyna. Ang kapangyarihan niya ay maaring natatakdaan o di-natatakdaan.

Sa *monarkiyang natatakdaan*, ang kapangyarihan ng monarko ay natatakdaan ng Saligang-Batas. Batay sa Saligang-Batas ng Thailand, halimbawa ang hari nila ay

isa lamang simbolo ng pagkakaisa ng mga Thai.  Sa kaso ng Hapon, ang monarko nito ay tinatawag na emperador, at tulad ng sa Thailand, siya man ay panseremonyang pinuno lamang.  Samantala, sa *monarkiyang di-natatakdaan* ay hawak ng monarkiya ang buhay at kamatayan ng kanyang mga nasasakupan.  Naghahari siya ayon sa kanyang kagustuhan.



***Demokrasya.*** – Ang kapangyarihan sa pamahalaan ay nasa kamay ng mga tao. Sa demokrasya ay maaaring makilahok ang mga mamamayan ng *tuwiran o di-tuwiran*. Ito ay tinatawag na *direct* o *tuwirang demokrasya* kung ibinoboto ng mamamayan ang gusto nilang mamuno sa pamahalaan.  Karaniwang pumipili ang mga tao, sa pamamagitan ng halalan, ng mga kinatawan na siyang hahawak sa kapangyarihan o pamahalaan sa ngalan nila.  Tinatawag ang pamamaraang ito na *representative* o kinatawang demokrasya.  Maaari rin namang *di-tuwiran* ang demokrasya kung ang ibinoboto ng mamamayan ay ang mga kinatawan nila sa pamahalaan na siyang pipili ng mga pinuno sa pamahalaan.



Mayroon ding uri ng demokrasya na nagiging diktadura. Ito ay nagaganap kapag ang inatasan ng mga tao upang mamuno ay magsimulang mangamkam ng kapangyarihan at isawalang-bahala ang kagustuhan ng mga tao. Ang diktador ay namumuno batay sa kanyang kagustuhan at hindi sa kagustuhan ng mga tao.

***Totalitaryanismo.*** - Ang pamahalaang totalitaryan ay karaniwang pinamumunuan ng isang diktador o grupo ng taong makapangyarihan. Sa ilalim ng ganitong pamahalaan, may ideolohiyang pinaniniwalaan at may partidong nagpapatupad nito. Natatakdaan ang karapatan ng mga mamamayan sa malayang pagkilos, pagsasalita, at pagtutol sa pamahalaan. Pati ang pagpapahayag ng relihiyon ay hindi lubusang sinasang-ayunan, ngunit hindi rin naman tahasang ipinagbabawal.

Lahat ng desisyon tungkol sa pamamahala at kabuhayan ay nasa kamay din ng isang grupo o ng diktador. Nasa kamay ng pamahalaan ang pag-aari ng mga lupain, kayamanan ng bansa, at mga industriya. Ang halimbawa nito ay ang pamahalaan ni Hitler sa Alemanya at ni Mussolini sa Italya bago at habang may Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Isang uri ng pamahalaang totalitaryan ang sistemang diktatoryal. Unang ginamit ang sistemang ito noong sinaunang panahon tuwing may mga kagipitan o labanan kung

kailan mag pangangailangang magtakda ng isang punong militar na may kapangyarihang diktatoryal. Subalit, matapos ang kagipitan, ang katungkulang ito ay inaalis.

Sa sinaunang panahong, maraming mga bansa ang yumakap sa sistemang ito, kung saan ang pinuno ay isang diktador. Naging palasak ito sa mga bansa sa Timog Amerika at iba pang lugar sa Asya at Aprika.

Higit na makapangyarihan kaysa sinaunang mga diktador ang makabagong diktadurya. Napananatili ang kapangyarihan sa diktador sa pamamagitan ng paghawak at pagkontrol sa pamahalaan, ekonomiya, mass media o mga uri ng pamamahayag, simbahan, at pati kaisipan ng mga mamamayan.


***Awtoritaryanismo.*** - Isang uri pa rin ng pamahalaan ang awtoritaryanismo kung saan ang namumunong tao ay may lubos na kapangyarihan. Makikita ito sa pamahalaan ng Iran, kung saan ang namumuno ay siya ring puno ng relihiyon ng estado, ang Islam. Ang namumuno ay may napakalawak na kapangyarihan na sinusunod ng mga mamamayan.

Mayroon ding tinatawag na *konstitusyonal na awtoritaryanismo* kung saan ang kapangyarihan ng namumuno ay itinakda ng Saligang-Batas. Ito ang itinawag ng dating Pangulong Marcos sa kanyang pamamahala sa ilaim ng Batas Militar noong 1972 hanggang sa mapatalsik siya noong Pebrero 1986.

***Sosyalismo.*** - Isang doktrina ito na nababatay sa patakarang pang-ekonomiya kung saan ang pamamalakad ng pamahalaan ay nasa kamay ng isang grupo ng tao. Ang grupong ito ang siyang pumipigil sa pagmamay-ari, at sa pangangasiwa ng lupa, kapital, at mekanismo ng produksyon. Ang mga industriya at lahat ng mga kailangan sa pagpapabuti ng kalagayan ng mga mamamayan ay nasa kamay rin ng pamahalaan.

Hangad ng sosyalismo ang pagkakamit ng perpektong lipunan sa pamamagitan ng pantay na distribusyon ng produksyon ng bansa. Binibigyang diin nito ang pagtutulungan habang ang mahahalagang industriya ay pag-aari ng pamahalaan.

Halimbawa ng ganitong pamahalaan ay ang Tsina at ang dating Unyong Sobyet, kung saan ang teorya ni Karl Marx ay sinubukang bigyang katuparan.



**Karl Marx**

***Komunismo.*** - Ang kaisipang ito ay unang nilinang ni Karl Marx, isang Alemang pilosopo, at pinayabong naman ni Nicolai Lenin ng Unyong Sobyet at ni Mao Zedong ng Tsina. Ayon kay Karl Marx, ang pinakamataas at huling hantungan mula kapitalismo patungong sosyalismo ay ang komunismo. Ang komunismo ay naghahangad na bumuo ng isang lipunang walang antas o pag-uuri-uri (*classless society*) kung saan ang mga salik ng produksyon ay pag-aari ng lipunan.


Sa sistemang ito, tinatayang darating ang panahon na hindi na kailangan ang estado kaya kusa itong mawawala. Ang estado ang may-ari ng produksyon ng lahat ng negosyo ng bansa. Upang masiguro ang maayos na pagpapatupad, kailangang pairalin ang diktadurya. Ito ang huling kalagayang mahirap matamo o maabot kailanman.

Ang Taumbayang Republika ng Tsina at ang Unyong Sobyet ay mga pamahalaang sosyalista na naghahangad matamo ang estadong komunista dahil tinatalunton nila ang ideolohiyang pinalaganap ni Karl Marx noong ika-19 na dantaon.



**awain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Panuto: Isulat ang tamang sagot sa bawat pangungusap na tinutukoy. Ang mga sagot ay maaaring pahalang at pababa.



Pahalang:

1 Pamahalaang karaniwang pinamumunuan ng isang diktador o grupo ng taong makapangyarihan. Sa ilalim ng ganitong pamahalaan, may ideolohiyang pinaniniwalaan at may partidong nagpapatupad nito.

2 Isang sistemang pangkabuhayan kung saan ang produksyon, distribusyon at kalakalan ay kontrolado ng mga pribadong mangangalakal.

3 Ang kapangyarihan ng pamahalaan ay nasa kamay lamang ng isang tao. Ang pinuno ng sistemang ito ay karaniwang tinatawag na hari o reyna.

4 Nakasentro ang ideolohiyang ito sa paraan ng pamumuno at pagpapatupad ng mga batas at ang kapangyarihang mamuno ay karaniwang nakabatay sa bawat mamamayan na bumuo at magpahayag ng opinyon at saloobin.

5 Tumutukoy ang ideolohiyang ito sa pagkakapantay-pantay ng mga mamamayan sa tingin ng batas at sa iba pang pangunahing aspeto ng pamumuhay.

6 Ang kapangyarihan ng pamahalaan ay nasa kamay ng mga tao. Maaaring makilahok sa pamamahala ang mga mamamayan nang *tuwiran o di-tuwiran*.

Pababa:

7 Isang doktrina na nababatay sa patakarang pang-ekonomiya kung saan ang pamamalakad ng pamahalaan ay nasa kamay ng isang grupo ng tao. Ang grupong ito ang siyang pumipigil sa pagmamay-ari pangangasiwa ng lupa, kapital, at mekanismo ng produksyon.

8 Kaisipang unang nilinang ni Karl Marx at pinayabong nina Nicolai Lenin ng Unyong Sobyet at ni Mao Zedong ng Tsina.

9 Isang uri pa rin ng pamahalaan na ang namumunong tao ay may lubos na kapangyarihan tulad ng pamahalaang umiiral sa Iran.

10 Nakasentro ang ideolohiyang ito sa mga patakarang pang-ekonomiya ng bansa at sa paraan ng paghahati ng kayamanan nito sa mga mamamayan. Ang pangunahing kategorya nito ay ang Ideolohiyang Pangkabuhayan, Pampulitika at Panlipunan.



**Tandaan Mo!**

- Ang *ideolohiya* ay isang sistema o lipon ng mga ideya o kaisipan na naglalayong magpaliwanag tungkol sa daigdig at pagbabago nito. Ang pangunahing kategorya nito ay ang ideolohiyang pangkabuhayan, pampulitika at panlipunan.
- Ang mga pangunahing ideolohiya na sinusunod ngayon sa iba't ibang bansa sa daigdig ay ang demokrasya, kapitalismo, monarkiya, totalitaryanismo, awtoritaryanismo, sosyalismo at komunismo.



**Gawain 3: Paglalapat**

A. Mula sa iyong napag-aralan,ang mga nag-uumpugang puwersa ng demokrasya at komunismo ang mga pangunahing ideolohiya sa iba't ibang bansa sa mundo sa kasalukuyan. Anu-ano ba ang mga katangian ng mga ideolohiyang iyan?

Panuto: Itala sa talahanayan sa ibaba ang mga katangian ng demokrasya at komunismo.

| DEMOKRASYA | KOMUNISMO |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |


B. Alin sa dalawang ideolohiyang sinuri mo ang paniniwala mong dapat mong itaguyod? Ipaliwanag mo kung bakit

**ARALIN 2**

**MGA PUWERSANG PANGKABUHAYAN SA PULITIKA NG BANSA**



Ang araling ito ay tumatalakay sa paglaganap ng komunismo mula sa Rusya, Fascismo sa Italya, at ang Nazismo sa Alemanya. Paano nakakaapekto sa kabuhayan at kalagayang pulitikal ng mga bansa. Ang mga ideolohiyang ito? Sasagutin sa araling ito at katanungang iyan.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matutukoy ang mga pangunahing kaisipan at katangian ng komunismo, fascismo at nazismo,
2. Masusuri ang mga katangian ng komunismo, fascismo at nazismo ayon sa bansang pinagmulan, pinuno at mga prinsipyo at bawat ideolohiya.
3. Maipaliliwanag ang sarili mong pagtataya sa positibo at negatibong dulot ng komunismo, fascismo at nazismo.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Bilang paghahanda sa aralin, pag-isipan mo muna ang mga tawag sa gaing ito.

Panuto: Bilugan ang HINDI kabilang sa grupo at pangatwiranan. Isulat sa patlang ang dahilan.

| | |
|---|---|
| Nicolai Lenin | Joseph Satalin |
| Benito Mussolini | Leon Trotsky |

Dahilan:________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

| | |
|---|---|
| Pagwawaksi sa Kapitalismo | Paghihiwalay ng simbahan at Estado |
| *Classless Society* | Tuwirang Demokrasya sa Pamahalaan |

Dahilan:________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

| | |
|---|---|
| *Black Shirts* | *Corporate State* |
| Diktatoryal | Third Reich |

Dahilan:____________________________________________________________

_________________________________________________________________

_________________________________________________________________

_________________________________________________________________

| | |
|---|---|
| Mein Kampft (Ang Aking Labanan) | Der Fuehrer (*The Leader*) |
| Gestapo o Sekretong Pulisya | Red at White Army |

Dahilan:____________________________________________________________

_________________________________________________________________

_________________________________________________________________

_________________________________________________________________

## Ang Pagsilang ng Komunismo sa Rusya

Nag-uagat ang deolohiyang komunismo sa Rusya noong panahon ng mga Tsar. Ayon sa nasusulat sa kasaysayan, sa ilalim ng Tsar, ang Rusya ay naging makapangyarihan. Subalit ang mga namumuno ay naging despotic. Noong Marso 1917, ang Dinastiyang Romanov ay bumagsak bunga ng hindi maiwasang himagsikan. Ang mga dahilan ng kaguluhan ay ang mga sumusunod:

***Pulitikal*** - Ang pamahalaan ay awtokratiko, bulagsak at mahina. Hindi nagbibigay ng pantay-pantay na karapatan sa mga tao.

***Pangkabuhayan*** - Mahirap at makaluma ang mga kalagayan at pamamaraan ng pagsasaka. Walang kalayaan at maliliit ang sahod ng mga manggagawa.

***Sosyal*** - Kakaunti lamang ang mga kalayaang sosyal. Lahat ay pinipilit na sumunod sa pananampalatayang Orthodox. Sapilitang pinalalaganap ang wikang Ruso sa mga minoryang kultural tulad ng mga Poles, Hudeo, taga-Finland at mga taga-Baltic.

Dumating sa Petrograd ang ilan sa mga lider na Bolshevik. Dito ay kabilang sina Nicolai Lenin, Leon Trotsky at Joseph Stalin. Nakuha ni Lenin ang pagtitiwala ng mga tao dahil sa kanyang programang nagsasaad ng pag-aangkin ng pamahalaan sa lahat ng mga pagawaan. Ang kanyang panawagan, "Kapayapaan, lupain, at tinapay".

Sa tulong nina Trotsky at Stalin, binalak ni Lenin na magkaroon ng Pamahalaang Komunismo base sa mga prinsipyo ni Karl Marx. Noong Nobyembre 1917, naghimagsik ang mga Bolshevik sa Petrograd at bumagsak ang pansamantalang pamahalaan ni Kerensky. Tumakas itong huli at pagkatapos ay itinatag na ni Lenin ang pamahalaang Komunismo na siya ang unang Puno.

## Ang Paglaganap ng Komunismo



**Joseph Stalin**

Mula 1917 hanggang 1920, nagkaroon ng mga labanan sa pagitan ng mga Red Army ng mga Bolshevik at ng mga White Army ng mga konserbatibo na dating

tagasunod ng Tsar. Dala ng galit sa dating pamahalaan, nasupil ng mga Red Army ang mga White Army. Noong 1920, napasailalim ng Komunista ang buong Rusya.

Ipinalalagay ni Lenin na kailangan ang dahas at pananakop para maitatag ang "Diktadurya ng mga Manggagawa." Ang estadong naitatag nila ay tinawag na *Union Soviet Socialist Republic* o USSR o base sa mga sumusunod na prinsipyo ng komunismo:

1. Pagtatatag ng diktadurya ng mga manggagawa. Ang manggagawa ang siyang supremo sa pamahalaan.
2. Ang sistema ng produksyon at distribusyon ng pag-aari ay pinangangasiwaan ng pamahalaan.
3. Pagwawaksi sa kapitalismo
4. Pagtatwa ng kapangyarihan ng Diyos at lubos na paghihiwalay ng estado at ng simbahan.
5. Pagsuporta, paghikayat at pagpapalaganap ng Kilusang Komunismo sa buong daigdig.

### Pagsilang ng Fascismo sa Italya

Sa Italya, ibang ideolohiya naman ang namayani. Tinawag itong fascismo. Ang mga kondisyong nagbibigay daan sa fascismo sa Italya ay ang mga sumusunod:

***Nasyonalismo*** - Hindi nasiyahan ang mga Italyano sa mga resulta ng Unang Digmaang Pandaigdig gayong nabigyan naman ito ng bahagi sa mga pabuya ng digmaan. Natanggap niya ang Trieste at Trentino (Italia Irredenta) na nasiyahan sapagkat hindi kabilang dito ang Fiume at ibang kolonya ng Alemanya at Turkey.

***Paghihirap sa Kabuhayan*** - Dahil sa Unang Digmaang Pandaigdig, , nagkaroon ng kakulangan sa pagkain at maraming pangangailangan sa Italya. Tumaas ang halaga ng mga bilihin. Iginawad ng pamahalaan ang mataas na buwis upang mabayaran ang malaking pagkakautang ng bansa bunga ng digmaan. Marami ang nawalan ng trabaho sapagkat nasira ng digmaan ang mga sakahan at pagawaan.

***Kahinaan ng Pamahalaan*** - Hindi nakayanan ng pamahalaang lutasin ang mga suliranin ng bansa. Ito ay pinalala pa ng pagkakaroon ng mga mahinang opisyal sa pamahalaan. Sa ilalim ng ganitong mga pangyayari, nawalan ng saysay ang mga tradisyong demokratiko at nawalan din ng tiwala ang mga tao sa kanilang demokratikong institusyon.

Noong 1920, inagaw ng mga manggagawa at mga tradisyong demokratiko. Nawalan din ng tiwala ang mga magsasaka laban sa mga may-ari ng lupa kaya't inagaw ang kanilang mga lupain. Ang kapayapaan ay naibalik ng mga Fascista, isang samahang itinatag ni Benito Mussolini, isang dating sosyalista at editor ng pahayagan.




**Benito Mussolini**

Ang mga tagasunod na ito ni Mussolini ay bumuo ng mga pangkat militar na tinawag na *Black Shirts* na nagsagawa ng mga pagpupulong ng mga grupong sosyalista at komunista. Ipinangangako nilang pangalagaan ang mga pribadong ari-arian.

Noong Oktubre, 1922 ay naganap ang dakilang Pagmamartsa sa Roma. Pinilit ni Mussolini at ng mga *Black Shirts* na buwagin ang kabinete. Si Haring Victor Emmanuel ay napilitang magtatag ng bagong kabinete na si Mussolini ang Punong Ministro. Ang Parlyamento ay napilitang maggawad ng mga kapangyarihang diktatoryal kay Mussolini. Ayon sa paniniwala ni Mussolini, ang demokrasya, kapitalismo at

sosyalismo ay bigo. Sa halip, itinatag niya ang tinatawag niyang *Corporate State*. Dito ay pinagsama-sama niya ang kapitalismo, sosyalismo at ang sistemang guild ng Panahong Medyibal. Ang *Corporate State* ay isang diktadoryang totalitarian.

Ang mga prinsipyong sinusunod ng Fascismo ay ang mga sumusunod:

1. Ang tao ay gumagawa lamang sa kapakanan ng estado. Ang demokrasya ay mahina at walang saysay at ang lakas ay kinakailangang pangibabawin.
2. Lahat na bibitiwang opinyon, sa pagbigkas man o pagsulat ay kailangang naaayon sa pamahalaan.
3. Ang buong sistema ng edukasyon ay kinukontrol upang ang mamamayan ay makapagsilbi sa estado at makatulong sa paghahanda para sa digmaan. Dinodominahan ng fascistang propaganda ang mga paaralan.
4. Maingat na sinesensor ang lahat ng mga pahayagan at publikasyon.
5. Lahat ng uri ng libangan ay sinusuri ng pamahalaan.
6. Hindi kinikilala ang kalayaang sibil.
7. Binibigyan ng bonus ang malalaking pamilya.
8. Hindi binibigyan ng karapatang sosyal, pulitikal at pangkabuhayan ang mga babae.

**Ang Nazing Alemanya**

Bilang isang ideolohiya, ang Nazismo sa Alemanya ay naitatag noong 1930. Ito ay isa sa pinakamalupit na diktaduryang totalitaryan sa makabagong panahon. Ito ay nakakahawig ng fascismo sa Italya at ng komunismo sa Rusya.



**Adolf Hitler**

Ang mga pangyayaring tumulong sa pagkakatatag ng diktaduryang Nazismo ay ang mga sumusunod:

1. ***Ang kahinaan ng Weimar Republic*** - Ang Republikang itinatag sa Alemanya pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig ay isa sa mga pinakademokratikong pamahalaan sa buong mundo. Ngunit hindi nito taglay ang pagtitiwala ng mga tao.
2. ***Kasunduan ng Versailles -*** Nasaktan ang makanasyonalismong damdamin ng mga Aleman dahil sa mga itinatalaga ng Kasunduang Versailles. Ang mga masugid na makabayan ay nakahandang tumulong sa pamahalaan upang maiwasto ang sa palagay nila ay mga pagkakamali upang mabawi ang pagkapahiya ng Alemanya.
3. ***Ang paghihirap sa kabuhayan -*** Pagkatapos ng digmaan, ito ang talagang nagbigay-daan sa pagbagsak ng Republikang Weimar. Dahil sa mga pinsalang dulot ng digmaan sa malaking pagkakautang ng Alemanya at mga reparasyong pagbabayaran, ay nagkaroon ng *inflation*.

Si Adolf Hitler ang pinakamakapangyarihanng pinunong Nazi. Siya ay isinilang sa Austria. Isa siyang panatikong nasyonalista. Pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig, binuo niya ang *National Socialist Party* na tinawag na Nazi.

Ang mga prinsipyo ng Nazismo na napapaloob sa Mein Kampf, Ang Aking Labanan ni Adolf Hitler ay ang mga sumusunod:


1. ***Ang kapangyarihang racial*** - Ang paniniwala ng mga Aleman, sila ang nangungunang lahi sa daigdig na nanggaling sa mga makalumang tribung Germanic na tinatawag nating Nordic o Aryano.
2. ***Anti-Semitism*** - Sinasabi ng mga Nazista na ang mga Hudyo na naninirahan sa Alemanya ay hindi mga Aleman at sila ang sanhi ng maraming suliranin at kabiguan ng Alemanya kayat kinakailangang mawala sila sa daigdig. Ito ang naging dahilan ng *holocaust* o pagpapapatay sa mga Hudyo.
3. ***Ang pagbuwag sa Treaty of Versailles*** - Binigyang-sisi ng mga Nazista ang Kasunduan sa Versailles na siyang sanhi ng mga suliranin ng Alemanya.
4. ***Pan-Germanism*** - Ayon kay Hitler, ang isang pinalawak ng Alemanya ay kailangang maitatag, kasama na ang mga teritoryong nawala sa kanila noong Unang Digmaang Pandaigdig.
5. ***Ang pagwasak sa Demokrasya*** - Laban ang Nazismo sa demokrasya at pamahalaang Parlyamentaryo. Nanawagan silang wasakin ang Republika at itatag ang *Third Reich* na siyang estadong totalitaryan ng Nazismo.

Noong 1932, ang Nazi ang pinakamalaking partido sa Alemanya. Iniluklok ng noo'y pangulo si Paul Von Hindenberg si Hitler bilang Chancellor ng Aleman noong Enero, 1933.

Sa ilalim ng *Third Reich,* ang Alemanya ay naging totalitaryan. Ang *Third Reich* ang pumalit sa Republika ng Weimar. Pagkaraang mamatay si Hindenberg noong 1934, ang puwesto ng Pangulo at Chancellor ay pinagsama. Lahat ng kapangyarihan ng gobyerno ay napasakamay ni Hitler, Der Fuehrer (*The Leader*).

Lahat ng nasa oposisyon sa rehimen ni Hitler, gayundin ang mga Hudyong Aleman ay pinarusahan, ipinabitay, ipinadala sa mga *concentration camps* o ikinulong sa tulong ng *Gestapo* (Sekretong Pulisya) o *Storm Troopers* at ng mga gwardiya ni Hitler.

Isa sa pinakamaraming biktima ni Hitler ay ang mga Hudyo na kanyang ipinapatay. Tinatayang may anim na milyong Hudyo ang pinatay ng mga Nazi. Isa sa sikat na Hudyong Aleman na umalis sa Aleman ay si Albert Einstein.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Panuto: Isulat sa talahanayan ang mga katangian ng mga tinalakay pangunahing ideolohiya tulad ng Komunismo, Fascismo at Nazismo.

| KATANGIAN | KOMUNISMO | FASCISMO | NAZISMO |
|---|---|---|---|
| BANSA | | | |
| PINUNO | | | |
| MGA PRINSIPYO | 1.<br><br>2. | 1.<br><br>2. | 1.<br><br>2. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | 3.<br><br>4.<br><br>5. | 3.<br><br>4.<br><br>5.<br><br>6.<br><br>7.<br><br>8. | 3.<br><br>4.<br><br>5. |



**Tandaan mo**

- Sumilang ang komunismo sa Rusya sa pamamagitan ni Lenin ng kanyang panawagang "Kapayapaan, lupain at tinapay". Ipinalalagay niya na kailangan ang pananakop upang maitatag ang Diktadurya ng mga Manggagawa.
- Ang pagsilang ng Fascismo sa Italya ay pinangunahan ni Benito Mussolini na bumuo ng mga pangkat militar. Ayon sa kanya ang demokrasya, kapitalismo at sosyalismo ay bigo.
- Ang Nazing Alemanya ay isa sa pinakamalupit na diktaduryang totalitaryan sa makabagong panahon at si Adolf Hitler ang namuno at bumuo ng National Socialist Party na tinawag na Nazi.
- Isa sa pinakamaraming biktima ni Hitler ay ang mga Hudyo na kanyang ipinapatay. Tinatayang may anim na milyong Hudyo ang pinatay ang mga Nazi.



**Gawain 3: Paglalapat**

Panuto: Ano sa palagay mo ang positibo at negatibong hatid ng bawat ideolohiya sa mga mamamayan ng daigdig sa kasalukuyan ang iyong kasagutan.

| IDEOLOHIYA | POSITIBO | NEGATIBO |
|---|---|---|
| KOMUNISMO | | |


| | | |
|---|---|---|
| FASCISMO | | |
| NAZISMO | | |

**ARALIN 3**

**ANG PILIPINAS AT ANG IDEOLOHIYA NITO**



Ang araling ito ay tungkol sa katangian ng sistemang Presidensyal at Parlyamentaryo na umiiral sa iba't ibang bansa. Matututuhan mo rin dito ang katangian ng Pilipinas bilang isang Republika at demokratikong bansa na nagtataguyod ng kalayaan at pagkakapantay-pantay ayon sa mga batas na umiiral na naaayon sa Saligang-Batas. Kasama rin dito ang mga sangay ng pamahalaan at ang kanilang mga gawain at tungkulin.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matutukoy ay mga katangian at sangay ng pamahalaan;
2. Maipaghahambing ang sistemang presidensyal at parlyamentaryo ayon sa katangiang taglay ng bawat isa;

3. Makapagpapahayag ng 7-10 pangungusap na tumatalakay sa kahalagahan ng Demokrasya sa Pilipinas ayon sa mga batas na umiiral sa bansa.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Bago ka magsimula ng aralin, pag-isipan mo muna ang mga sagot sa mga sumusunod na tanong na tatalakayin sa araling ito.

Panuto: Isulat sa patlang ang tamang sagot ayon sa tinutukoy sa bawat sa pangungusap.

1. Sangay ng pamahalaan na bumabalangkas ng patakaran at alituntunin para sa bansa. ____________________
2. Sangay ng pamahalaan na nagpapatupad ng mga programa, batas at serbisyong pampamahalaan: ____________________
3. Sangay ng pamahalaan na namamahala sa mga gawaing may kaugnayan sa usapin ng paglilitis at mga batas. Ang pinakamataas na dulugan nito ay tinatawag na Korte Suprema (*Supreme Court*): ____________________
4. Ito ang pangunahing batas na umiiral sa bansa at siyang nagtatakda ng gabay sa pamamahala ng mga pinuno sa pamahalaan: ____________________
5. Ang ideolohiyang ito sa pamamahala ay may *Check and Balance*. Itinataguyod nito ang diwa bg kalayaan tulad ng mga bansang Pilipinas, Hapon, Estados Unidos, Malaysia at Timog Korea: ____________________

**Ang Pilipinas at ang Ideolohiya nito**

Ang paglaya ng mga bansa mula sa kanilang mga mananakop ay nakatulong sa pagpapahalaga sa iba't ibang uri ng sistema lalo na sa pamamahala at kabuhayan ng mga bansang ito. May mga bansang yumakap sa ideolohiyang demokrasya tulad ng bansang Pilipinas, Hapon, Malaysia, at Timog Korea, samantalang may mga bansang

sumunod sa diwa ng komunismo tulad ng Tsina, Hilagang Korea, dating Unyong Sobyet, at Vietman.

Sa kasalukuyan ay patuloy pa rin ang mga pagbabago sa mga ideolohiyang gumagabay sa pamamahala at pamumuhay ng mga bansa sa daigdig. Patutunayan natin ng pansin ang ideolohiya ng ating bansa, ang Pilipinas.

**Sistemang Presidensyal**

Batay sa organisasyon ng Pamahalaan ang sistemang presidensyal ay tulad sa Pilipinas at Estados Unidos at ang sistemang Parlyamentaryo naman ay tulad sa pamahalaan ng Gran Britanya, Hapon at India.

Sa ilalim ng sistemang presidensyal, ang pangulo o presidente ang kinilalang pinuno ng isang bansa. Siya ang tagapagpaganap ng pamahalaan (*executive*) at panseremonyang pinuno ng bansa. Maaari siyang ihalal nang tuwiran ng sambayanan o sa pamamagitan ng *Electoral College* (EC) tulad ng sa Estados Unidos. Ang EC ay pangkat ng mga taong hinirang ng taong-bayan sa bawat teritoryo at inatasang maghalal ng pangulo o presidente. Ang nahalal na pinuno ay kailangang magsilbi ayon sa itinakda ng Saligang-Batas o Pambansang Batas na umiiral. Ang pangulo ay may karapatan ding pumili ng kanyang mga kalihim sa bawat kagawaran o mga tanggapan ng pamahalaan bilang tagapayo at katulong sa pagpapatupad ng mga programa at mga batas sa pamahalaan.

Samantala, ang mga kasapi sa sangay ng tagapagbatas o lehislatura (*Legislative*) ay tuwirang inihahalal ng mga mamamayan at inaasahang gagawa ng mga batas at alituntunin para sa bansa na naaayon sa Saligang-batas na umiiral.

Ang sangay panghukuman, na tinatawag ding Tagapagbatas o Hudikatura (*Judicial*) ay hinihirang ng Pangulo. Sa Pilipinas ito ay tinatawag na Korte Suprema (Supreme Court) na siyang namamahala sa mga gawain ng iba't ibang hukuman sa bansa at nagsisilbing huling dulugan sa mga usaping may kaugnayan sa paglilitis at mga batas.

## Sistemang Parlyamentaryo

Sa sistemang parlyamentaryo, ang tagapagpaganap ng batas ay iba sa kinikilalang pinunong panseremonya ng bansa. Ang panseremonyang pinuno ay maaaring isang pangulo, hari o reyna.

Samantala, ang mga kinatawan sa tagapagbatas ang siyang pumipili ng punong ministro mula sa lupon ng mga kinatawan. Ang nahalal na punong ministro ang siyang magiging tagapagpaganap ng mga batas. Siya rin ay tuwirang nananagot sa mga tagapagbatas at hindi tuwiran sa mga mamamayan.

## Ang Pamahalaan ng Pilipinas at ang Ideolohiya Nito

Ang Pilipinas bilang isang Republika ay nagtataguyod ng demokrasya. Ito ay may demokratikong pamahalaan. Ang pamahalaan ay pinamumunuan ng isang pangulo na tuwirang ihinalal ng mamamayan.

Ang katangian ng pamahalaan ay alinsunod sa Saligang-Batas 1987 na umiiral sa bansa. Nakasaad dito ang pagkakaroon ng tatlong sangay ng Pamahalaan - Tagapagpaganap, Tagapagbatas at Tagapaghukom.

Naninindigan ang bawat sangay ng pamahalaan tungo sa demokratikong pamamahala at paglilingkod. Mayroon ding *Check and Balance* sa bawat sangay na gumaganap sa iba't ibang tungkulin.

Noong ang bansa ay nasa ilalim ng Batas Militar sa panunungkulan ni Pangulong Ferdinand Marcos ay umiral ang malaparlyamentaryong pamahalaan na ayon sa itinakda ng Saligang-Batas ng 1973. Ngunit sa katotohanan ang pamamaraang ito ni Pangulong Marcos ay diktatoryal. Ito ay nagwakas noong maganap ang *People Power* sa Edsa noong 1986 at muling naibalik ang kalayaan at demokrasya sa bansa.




**EDSA I**




**EDSA II**

Hanggang sa kasalukuyan ay sinisikap ng mga Pilipino na mapanatili ang diwa ng kalayaan at Demokrasya sa Pilipinas na siyang ideolohiyang umiiral sa bansa.

Isinulong ng pamahalaan at ng mga mamamayan ang pantay sa karapatang pantao, kasama na ang karapatan sa pagkakaroon ng tinig sa pag-ugit ng pamahalaan.



**Gawain 2: Pagpapalawak ng Kaalaman**

Panuto: Isulat ang salitang ***Presidensyal*** kung ang pangungusap ay tumutukoy sa mga katangian ng sistemang presidensyal at salitang ***Parlyamentaryo*** kung ang pangungusap ay tumutukoy sa katangian ng sistemang parlyamentaryo.

__________________ 1. Ang Pangulo ay may karapatang pumili ng mga kalihim ng bawat kagawaran o tanggapan ng pamahalaan.

__________________ 2. Ang tagapagpaganap ng batas ay iba sa kinikilalang pinunong panseremonya sa bansa. Ang pinunong panseremonya ay maaring isang pangulo, hari o Reyna.

__________________ 3. Ito ang sistemang pampamahalaan na sinusunod ng mga bansang tulad ng Pilipinas at Estados Unidos.

__________________ 4. Maari siyang ihalal ng tuwiran ng sambayanan o kaya sa pamamagitan ng "Electoral College" tulad ng sa Estados Unidos. Sa sistemang ito ay may karapatan ang pinuno na pumili ng mga kalihim sa bawat kagawaran ng pamahalaan.

__________________ 5. Sa sistemang pampamahalaang ito ang mga tagapag batas ang pumipili ng Punong Ministro mula sa lupon ng mga kinatawan at siya ang magiging tagapagpaganap ng mga batas. Tuwiran ang kanyang pananagutan sa mga tagapagbatas ngunit hindi sa mga mamamayan.



**Tandaan Mo!**

- Batay sa organisasyon ng pamahalaan, ay may sistemang presidensyal at sistemang parlyamentaryo.
- Sa ilalim ng sistemang Presidensyal, ang pangulo o presidente ang kanilalang pinuno ng isang bansa. Siya ang Tagapagpaganap ng pamahalaan at panseremonyang pinuno ng bansa. Ang tagapagbatas o lehislatura ay tuwirang inihahalal at inaasahang gagawa ng mga batas at alituntunin para sa bansa na naaayon sa Saligang-batas.
- Ang mga mambabatas sa sangay panghukuman o Hudikatura (*Judicial*) ay hinihirang ng Pangulo. Sa Pilipinas ito ay tinatawag na Korte Suprema (*Supreme Court*) na nagsisilbing huling dulugan sa mga usaping may kaugnayan sa paglilitis at mga batas.
- Sa istemang Parlyamento ang mga kinatawang Tagapagbatas ang siyang pumipili ng Punong Ministro mula sa lupon ng mga kinatawan.
- Ang Pilipinas ay isang Republika at may Demokratikong Pamahalaan. Alinsunod sa Saligang-Batas ng 1987 mayroon itong *Check and Balance* sa bawat sangay ng pamahalaan.
- Demokrasya ang pangunahing ideolohiyang gumagabay sa pamahalaang Pilipino. Hanggang sa kasalukuyan ay sinisikap ng mga Pilipino na mapanatili ang diwa ng kalayaan at demokrasya sa Pilipinas.



**Gawain 3: Paglalapat**

Panuto: Bilang isang mag-aaral, gumawa ka ng 7-10 suhestiyon upang

mapanatili natin ang diwa ng ***Demokrasya*** sa Pilipinas na naayon sa ating mga batas.

**Mga Suhestiyon:**

1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________
4. ______________________________
5. ______________________________
6. ______________________________
7. ______________________________
8. ______________________________
9. ______________________________
10. ______________________________



**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO:**

Ngayon tapos ka na sa modyul na ito, anu-ano ang mga dapat mong tandaan?

- Ang *ideolohiya* ay isang sistema o lipon ng mga ideya o kaisipan na naglalayong magpaliwanag tungkol sa daigdig at pagbabago nito. Ang mga pangunahing ideolohiya na lumaganap sa daigdig ay ang kapitalismo, monarkiya, demokrasya, totalitaryanismo, awtoritaryanismo, sosyalismo ay komunismo.
- Ang demokrasya at ang komunismo ang dalawang magkasalungat na ideolohiya sa daigdig. Mas maraming bansa ang naniniwala sa kabutihan ng demokrasya sa kaunlaran at kagalingang panlipunan.
- Ang demokrasya at mga prinsipyo nito ay gumagabay sa dalawang sistemang pampamahalaan: ang prisidensyal at parlyamentaryo. Sa ilalim ng sistemang Presidensyal, ang pangulo o presidente ang kanikilalang pinuno ng isang bansa. Ang Punong Ministro naman ang kinikilalang pinuno ng bansa.
- Ang Pilipinas ay isang Republika na may Demokratikong Pamahalaan. Sa kasalukuyan ay sinisikap ng mga Pilipino na mapanatili ang diwa ng kalayaan at demokrasya sa Pilipinas.




**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT:**

I. Panuto: Suriin at unawaing mabuti ang bawat katanungan at pangungusap. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Kung ating susundin ang kaisipang komunismo, ang mga manggagawa ang magiging tagapamahala at ito ang magpapahina at tuluyang tatapos sa:
   A. Fascismo
   B. Kapitalismo
   C. Monarkiya
   D. Totalitaryan

2. Ang tanggapang ito ay kailangan magkaroon ng maliit o limitadong saklaw sa ekonomiya ng isang bansa at patuloy na umunlad ang mga namumuhunan sa kalakalan.
   A. Dayuhang Bangko at Institusyon
   B. Korte Suprema
   C. Militar
   D. Pamahalaan

3. Sa mga lider komunista sa Rusya, sino sa apat na ito ang HINDI kasali?
   A. Nicolai Lenin
   B. Karl Marx
   C. Joseph Stalin
   D. Leon Trotsky

4. Ang demokratikong pagpili ng sambayanan sa mga pinuno ng bansa ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng:
   A. *Check and Balance*
   B. Natatakdaan at Di-natatakdaan
   C. Tagapagbatas at Tagapagpaganap
   D. Tuwiran at Di-tuwiran

5. Alin sa mga sumusunod na aspeto ng ideolohiya ang HINDI kasama batay sa mga nabasa at natutunan mo sa ating mga aralin?
    A. Ideolohiyang Pampulitika
    B. Ideolohiyang Pangkabuhayan
    C. Ideolohiyang Pangsining
    D. Ideolohiyang Panlipunan

6. Ang mga sumusunod na tugma ng bansa at ideolohiya ay tungkol sa katangiang sinusunod ng bawat isa MALIBAN sa:
    A. Estados Unidos-Demokrasya
    B. Pilipinas-Totalitaryanismo
    C. Thailand-Monarkiya
    D. Vietnam-Komunismo

7. Ang mga sumusunod na pangungusap ay tumutukoy sa prinsipyo ng komunismo maliban sa:
    A. Pagbibigay-daan sa paghina at tuluyang pagkawala ng mga kapitalista sa ekonomiya.
    B. Paghihiwalay sa kapangyarihan ng Estado at Simbahan.
    C. Pagkilala sa mga manggagawa bilang pinakamakapangyarihan sa pamahalaan.
    D. Pagsusulong sa kapakanan ng mga mangangalakal sa lipunan at pampamahalaan.

8. Ang mga sumusunod na pangungusap ay tumutukoy sa pagsilang ng Fasismo sa Italya, maliban sa isa:
    A. Kawalan ng mga pangunahing pangangailangan at serbisyo tulad ng pagkain at gamot.
    B. Mahinang mga pinuno na hindi makatugon sa mga suliranin ng bayan.
    C. Negatibong dulot ng Unang Digmaang Pandaigdig sa pamumuhay ng mga Italyano.
    D. Pagpapahirap sa milyong Hudyo na nanirahan sa Europa.

9. Ang mga sumusunod na pangungusap ay pawang mga katangian ni Nicolai Lenin maliban sa isa:

A. Isa sa mga unang nagtaguyod ng Komunismo sa Rusya.
B. Humikayat sa pag-angkin ng mga manggagawa sa mga pagawaan at pamahalaan.
C. Nagpalaganap ng malawakang pagtugis at pagpatay sa mga Hudyo na nanirahan sa Europa.
D. Nanawagan ng "Kapayapaan, lupain at tinapay" para sa lahat.

10. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang HINDI kabilang sa prinsipyo ng Nazismo na nakasaad sa Mein Kampf?
    A. Pagbuo at pagsulong sa diktaduryang manggagawa sa pamahalaan.
    B. Pagpapawalang bisa sa Treaty of Versailles matapos ang digmaan.
    C. Pagtatatag ng lahing Aryan ng mga Aleman bilang natatangi at nangungunang lahi sa mundo.
    D. Pagtatatag ng Third Reich bilang estadong totalitaryan ng Nazismo kapalit ng Republika.

II. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap at isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.

A. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Demokrasya;
B. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Kapitalismo;
C. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Komunismo;
D. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Monarkiya;
E. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Sosyalismo at
F. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Totalitaryanismo.

___________ 11. Ang kapangyarihan sa pamahalaan ay nasa kamay ng mga tao at karaniwang pumipili ang mga tao ng pinuno sa pamamagitan ng halalan.

___________ 12. Pagkakapantay-pantay ang pangunahing layunin at pagkawala ng antas o pag-uuri-uri (*classless society*) kung saan ang mga salik ng produksiyon ay pag-aari ng lipunan.

___________ 13. Isang sistemang pangkabuhayan kung saan ang produksyon,

distribusyon at kalakaran ay kontrolado ng mga pribadong mangangalakal.

___________ 14. Karaniwang pinamumunuan ng isang diktador o grupo ng taong makapangyarihan. Nasa kamay ng pamahalaan ang pag-aari ng mga lupain, kayamanan ng bansa at mga industriya.

___________ 15. Ang kaisipang ito ay malaya sa pamamahala at sa kabuhayan na sinusunod ng mga bansang tulad ng Pilipinas, Timog Korea Hapon at Estados Unidos.

___________ 16. Layunin nito na makamit ang perpektong lipunan sa pamamagitan ng pantay-pantay na distribusyon ng produksyon ng bansa, pagtutulungan, at paghawak ng pamahalaan sa mahahalagang industriya.

___________ 17. Ang pinuno ng sistemang ito ay karaniwang tinatawag na hari o reyna. Ang kapangyarihan ng pamahalaan ay nasa kamay lamang ng isang tao.

___________ 18. Si Karl Marx ang nagsulong ng ideolohiyang ito na naglalayong maging pagmamay-ari ng lipunan ang produksyon.

___________ 19. Kahalintulad ang pamahalaang ito sa pamumuno nina Hitler sa Alemanya at ni Mussolini sa Italya. Madalas na isang punong-militar ang may kapangyarihang diktador. Sa mga bansa sa Timog Amerika at Aprika lumaganap ang ideolohiyang ito.

___________ 20. Naniwala si Nicolai Lenin na upang maitatag ang Diktadurya ng Manggagawa ay kailangan ang dahas at pananakop.



## MGA GABAY SA PAGWAWASTO


### PANIMULANG PAGSUSULIT

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. B | 6. D | 11. B | 16. F |
| 2. C | 7. B | 12. E | 17. C |
| 3. C | 8. C | 13. C | 18. A |
| 4. C | 9. B | 14. D | 19. C |
| 5. D | 10. B | 15. A | 20. F |

### ARALIN 1 MGA IDEOLOHIYA NG IBA'T IBANG BANSA AT ANG PUWERSA NG DEMOKRASYA AT KOMUNISMO

**Gawain 1:Pag-isipan Mo!**

Mga Mungkahing Sagot (Maaaring may iba kang sagot na katulad rin ng mga halimbawang nakasulat.)



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Narito ang tamang sagot:

| | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | S | | | | | | | | | | | | | | | |
| T | O | T | A | L | I | T | A | R | Y | A | N | I | S | M | O | |
| | S | | | | | | W | | | | | | | | | |
| | Y | | K | A | P | I | T | A | L | I | S | M | O | | | |
| | A | | O | | | | O | | | | | | | | P | |
| | L | | M | O | N | A | R | K | I | Y | A | | | | A | |
| | I | | U | | | | I | | | | | | | | N | |
| | S | | N | | | | T | | | | | | | | G | |
| | M | | I | | | P | A | M | P | U | L | I | T | A | K | A |
| | O | | S | | | | R | | | | | | | | A | |
| | | | M | | | | Y | | | | | | | | B | |
| | | | O | | | | A | | | | | | | | U | |
| | | | | | | | N | | | | | | | | H | |
| | | | P | A | N | L | I | P | U | N | A | N | | | A | |
| | | | | | | | S | | | | | | | | Y | |
| | | | | | | | M | | | | | | | | A | |
| | | | | D | E | M | O | K | R | A | S | Y | A | | N | |

**Gawain 3: Paglalapat**

A. Mungkahing Sagot

| DEMOKRASYA | KOMUNISMO |
|---|---|
| • Nasa kamay ng mga tao ang kapangyarihan sa pamahalaan | • Walang pag-uuri-uri sa lipunan (*Classless Society*) |
| • Naghahalal ng pinunong gusto nila ang mga mamamayan | • Ang produksyon at mga produkto ay pag-aari ng estado |
| • Tinutugunan ng pamahalaan ang kagustuhan ng nakararaming mamamayan | • Mawawala ang estado at papalit ang diktadurya |

B. Isangguni sa gurong tagapamatnubay ang sagot mo sa pangalawang bahagi (B.) depende sa iyong katwiran ang kawastuan ng iyong sagot.

**ARALIN 2 PUWERSANG PANGKABUHAYAN SA PULITIKA NG BANSA**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

| | |
|---|---|
| Nicolai Lenin | Joseph Satalin |
| **Benito Mussolini** | Leon Trotsky |

Dahilan: Sina Lenin, Stalin ay Trotsky ay pawang mga lider sa Rusya na nagpalaganap ng komunismo. Si Mussolini ay nagpalaganap ng Fascismo sa Italya.

| | |
|---|---|
| Pagwawakas ng Kapitalismo | Paghihiwalay ng simbahan at Estado, |
| *Classless Society* | **Tuwirang Demokrasya sa Pamahalaan** |

Dahilan: Hindi kabilang ang tuwirang demokrasya sa pamahalaan dahil ang mga salita ay tumutukoy sa prinsipyo ng komunismo.

| | |
|---|---|
| *Black Shirts* | *Corporate State* |
| Diktatoryal | **Third Reich** |

Dahilan: Ang hindi kabilang sa mga salita ay ang *Third Reich* dahil ito ay hindi tumutukoy sa katangian ng Pasismo sa Italya. Ang *Third Reich* ay ang pumalit sa Republika ng Weimar sa Alemanya.

| | |
|---|---|
| Mein Kampft (Ang Aking Labanan) | Der Fuehrer (*The Leader*) |
| Gestapo o Sekretong Pulisya | **Red at White Army** |

Dahilan: Ang Red at White Army ang hindi kabilang sa pangkat dahil ang tatlo ay tumutukoy sa katangian ng pamamahalang Nazismo sa Alemanya samantalang ang Red at White Army ay ang magkakatunggaling hukbo sa Rusya.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

| KATANGIAN | KOMUNISMO | FASCISMO | NAZISMO |
|---|---|---|---|
| BANSA | Rusya | Italya | Alemanya |
| PINUNO | Nicolai Lenin, Leon Trotsky at Joseph Stalin | Benito Mussolini | Adolf Hitler |
| MGA PRINSIPYO | 1. Pagtatatag ng diktadurya ng mga manggagawa. Ang manggagawa ang siyang | 1. Ang tao ay gumagawa lamang sa kapakanan ng estado, ang demokrasya ay mahina at walang saysay at ang | 1. Ang kapangyarihan g racial - Ginamit nila ang paniniwala na ang mga Aleman ang |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | supremo sa pamahalaan.<br>2. Ang sistema ng produksyon at distribusyon ng pag-aari ay pinangangasiwaan ng pamahalaan.<br>3. Pagwawakas ng kapitalismo.<br>4. Pagtatwa ng kapangyarihan ng Diyos at lubos na paghihiwalay ng estado at ng simbahan.<br>5. Pagsuporta, paghikayat at pagpapalaganap ng Kilusang Komunismo sa buong daigdig. | lakas ay kinakailangang pangibabawin.<br>1. Lahat na binitiwang opinyon, sa pagbigkas man o pagsulat ay kailangang naaayon sa pamahalaan.<br>2. Ang buong sistema ng edukasyon ay kinukontrol upang makapagsilbi sa estado at upang makatulong sa paghahanda para sa digmaan. Dinodominahan ng Fascistang propaganda ang mga paaralan.<br>3. Maingat na sinesensor ang lahat ng mga pahayagan at publikasyon.<br>4. Lahat ng uri | nangungunang lahi at sila ay nanggaling sa mga makalumang tribung Germanic na tinatawag nating Nordic o Aryano.<br>2. Anti-Semitism - Sinasabi ng mga Nazista na ang mga Hudyo na naninirahan sa Alemanya ay hindi mga Aleman at sila ang sanhi ng maraming suliranin at kabiguan ng Alemanya.<br>3. Ang pagbuwag sa Treaty of Versailles - Binigyang-sisi ng mga Nazista ang Kasunduan sa |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | ng libangan ay sinusuri ng pamahalaan.<br>5. Hindi kinikilala ang kalayaang sibil.<br>6. Binibigyan nila ng bonus ang malalaking pamilya.<br>7. Hindi binibigyan ng karapatang sosyal, pulitikal at pangkabuhayan ang mga babae. | Versailles na siyang sanhi ng mga suliranin ng Alemanya.<br>4. Pan-Germanism - Ayon kay Hitler, ang isang pinalawak na Alemanya ay kailangang maitatag, kasama na ang mga teritoryong nawala sa kanila noong Unang Digmaang Pandaigdig.<br>5. Ang pagwasak sa Demokrasya - Laban ang Nazismo sa demokrasya at pamahalaang Parlyamentaryo. Nanawagan |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | silang wasakin ang Republika at itatag ang *Third Reich* na siyang estadong totalitaryan ng Nazismo. |

**ARALIN 3 ANG PILIPINAS AT ANG IDEOLOHIYA NITO**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

1. Sangay ng pamahalaan na bumabalangkas ng patakaran at alituntunin para sa bansa. TAGAPAGBATAS
2. Sangay ng pamahalaan na nagpapatupad ng mga programa, batas at serbisyong pampamahalaan. TAGAPAGPAGANAP
3. Sangay ng pamahalaan na namamahala sa mga gawaing may kaugnayan sa usapin ng paglilitis at mga batas. Ang pinakamataas na dulugan nito ay tinatawag na Korte Suprema (Supreme Court). PANGHUKUMAN o TAGAPAGHUKOM
4. Ito ang pangunahing batas na umiiral sa bansa at siyang nagtatakda ng gabay sa pamamahala ng mga pinuno sa pamahalaan. SALIGANG-BATAS
5. Ang ideolohiyang ito sa pamamahala ay may *Check and Balance*. Itinataguyod nito ang diwa ng kalayaan tulad ng mga bansang Pilipinas, Hapon, Estados Unidos, Malaysia at Timog Korea. DEMOKRASYA

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

| | |
|---|---|
| PRESIDENSYA | 1. Ang Pangulo ay may karapatang pumili ng mga kalihim sa bawat kagawaran o tanggapan ng pamahalaan |
| PARLYAMENTARYO | 2. Ang tagapagpaganap ng batas ay iba sa kinikilalang pinunong panseremonya sa bansa. Ang pinunong panseremonya ay maaring isang pangulo, hari o reyna |
| PRESIDENSYAL | 3. Ito ang sistemang pampamahalaan na sinusunod ng mga bansang tulad ng Pilipinas at Estados Unidos. |
| PRESIDENSYAL | 4. Ito ang sistemang pampamahalaan na sinusu-nod ng mga bansang tulad ng Pilipinas at Estados Unidos. Maari siyang ihalal ng tuwiran nang sambayanan o kaya ay sa pamamagitan ng "Electoral College" tulad ng sa Estados Unidos. Sa sistemang ito ay may karapatan ang pinuno na pumili ng mga kalihim sa bawat kagawaran ng pamahalaan |
| PARLYAMENTARYO | 5. Sa sistemang pampamahalaang ito ang mga Tagapagbatas ang pumipili ng Punong Ministro mula sa lupon ng mga kinatawan at siya ang magiging Tagapagpaganap ng mga batas. Tuwiran ang kanyang pananagutan sa mga Tagapagbatas ngunit hindi sa mga mamamayan. |

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. B | 6. B | 11. A | 16. E |
| 2. D | 7. D | 12. C | 17. D |
| 3. B | 8. D | 13. B | 18. C |
| 4. D | 9. C | 14. F | 19. F |
| 5. C | 10. A | 15. A | 20. C |